SAN MATEO
LAFCo
LOCAL AGENCY FORMATION COMMISSION
455 COUNTY CENTER, 2ND FLOOR • REDWOOD CITY, CA 94063-1663 • PHONE (650) 363-4224 • FAX (650) 363-4849

**ABISO TUNGKOL SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG**
**NG SAN MATEO LOCAL AGENCY**
**FORMATION COMMISSION**

NAGBIBIGAY NG ABISO ang San Mateo Local Agency Formation Commission na mayroong pampublikong pagdinig na nakaiskedyul sa Nobyembre 15, 2023 sa ganap na 6:00pm. Gaganapin ang meeting sa City of East Palo Alto City Council Chambers, 2415 University Avenue East Palo Alto, CA 94303 at puwede ring ma-access sa pamamagitan ng Zoom. Ipo-post ang impormasyon tungkol sa kung paano i-access ang meeting na ito sa website ng San Mateo LAFCo sa www.sanmateolafco.org.

Sa pagpupulong na ito, isasaalang-alang ang sumusunod:

**LAFCo File No. 22-09**

**Panukala ng Lungsod ng East Palo Alto**
**Isang panukala para itaguyod ang East Palo Alto Sanitary District (EPASD), na isang independiyenteng espesyal na distrito, bilang subsidiary na distrito ng Lungsod ng East Palo Alto (Lungsod). Nagbibigay ang EPASD ng mga serbisyo sa kanal sa mga customer sa mga bahagi ng Lungsod ng East Palo Alto at Lungsod ng Menlo Park. Kung aaprubahan ng LAFCo Comission ang panukala, magiging namamahalang lupon ng EPASD ang East Palo Alto City Council. Ang pag-apruba sa panukalang ito ay hindi magreresulta sa pagbabago ng pinagseserbisyuhang lugar ng EPASD o ng mga serbisyo sa kanal na ibinibigay ng EPASD sa mga customer. Ang kitang makukuha ng EPASD ay magiging hiwalay sa Pangkalahatang pondo ng Lungsod at magagamit lang para sa mga operasyon at maintenance ng kanal.**

**Alternatibong Aplikasyon sa EPASD**
**Alternatibong aplikasyon mula sa EPASD na nagmumungkahi na 1) panatilihin ang istraktura ng pamamahala ng EPASD bilang isang independiyenteng distritong nakahiwalay sa Lungsod; 2) susugan ang Saklaw ng Impluwensya (Sphere of Influence, SOI) ng EPASD para maging kaagapay ng kasalukuyan nitong mga limitasyon sa serbisyo; at 3) alisin ang teritoryo ng District mula sa SOI ng West Bay Sanitary District.**

**Apektadong Teritoryo**
**Ang apektadong teritoryo para sa mga panukalang ito ay ang kabuuan ng pinagseserbisyuhang lugar ng EPASD, kung saan kasama ang mga bahagi ng Lungsod ng East Palo Alto at Lungsod ng Menlo Park.**

MGA COMMISSIONER: ANN DRAPER, TAGAPANGULO, PAMUBLIKO ▪ KATI MARTIN, PANGALAWANG TAGAPANGULO, ESPESYAL NA DISTRITO ▪ HARVEY RARBACK, LUNGSOD ▪ TYGARJAS BIGSTYCK, LUNGSOD ▪ WARREN SLOCUM, COUNTY ▪ RAY MUELLER, COUNTY ▪ VIRGINIA CHANG-KIRALY, ESPESYAL NA DISTRITO
MGA KAHALILI: CHRIS MICKELSEN, ESPESYAL NA DISTRITO ▪ ANN SCHNEIDER, LUNGSOD ▪ JAMES O'NEILL, PUBLIKO ▪ NOELIA CORZO, COUNT
STAFF: ROB BARTOLI, TAGAPANGSIWANG OPISYAL ▪ SOFIA RECALDE, TAGASURI SA PAMAMAHALA ▪ TIM FOX, LEGAL NA TAGAPAYO▪ ANGELA MONTES, CLERK

Maa-access ang pagpupulong ng Local Agency Formation Commission sa Nobyembre 15 sa pamamagitan ng Zoom o sa personal sa East Palo Alto City Council Chambers. Ipo-post ang impormasyon tungkol sa kung paano i-access ang meeting na ito sa website ng San Mateo LAFCo sa www.lafco.smcgov.org.

**Impormasyon/Makakaugnayang Indibidwal:** Magiging available ang mga ulat at attachment ng kawani bago ang Nobyembre 8 sa www.sanmateolafco.org. Kung mayroon kang anumang tanong, makipag-ugnayan kay Rob Bartoli, Tagapangasiwang Opisyal sa (650) 363-4224 o rbartoli@smcgov.org

Petsa: Oktubre 18, 2023

Rob Bartoli
Tagapangsiwang Opisyal

**MGA COMMISSIONER:** ANN DRAPER, TAGAPANGULO, PAMUBLIKO ▪ KATI MARTIN, PANGALAWANG TAGAPANGULO, ESPESYAL NA DISTRITO ▪ HARVEY RARBACK, LUNGSOD ▪ TYGARJAS BIGSTYCK, LUNGSOD ▪ WARREN SLOCUM, COUNTY ▪ RAY MUELLER, COUNTY ▪ VIRGINIA CHANG-KIRALY, ESPESYAL NA DISTRITO

**MGA KAHALILI:** CHRIS MICKELSEN, ESPESYAL NA DISTRITO ▪ ANN SCHNEIDER, LUNGSOD ▪ JAMES O'NEILL, PUBLIKO ▪ NOELIA CORZO, COUNT

**STAFF:** ROB BARTOLI, TAGAPANGSIWANG OPISYAL ▪ SOFIA RECALDE, TAGASURI SA PAMAMAHALA ▪ TIM FOX, LEGAL NA TAGAPAYO▪ ANGELA MONTES, CLERK